

PAHINA NG PAYO

Pag-intindi Paano at Bakit ang Iyong Anak ay Nakikipag-usap



Ang pakikipag-usap ay isang aktibong pagpapareha sa pagitan ng mga tao na hindi lamang sa salita. Pwede tayong makipag-usap sa iba gamit ang salita, kilos, hawak, at ekspresyon ng mukha. Ang matagumpay na pakikipag-usap ay dapat na naiintindihan ka at ikaw din ay naiintindihan ng iba.

Ang batang may espesyal na pangangailangan ay maaaring makipag-usap sa paraan na mahirap para sa iba na maintindihan. Ang anak mo ay maaaring hindi nagsasalita, pero pag dinala ka niya sa kusina, alam mo na gusto niya ng biskwit.

Ang pag-intindi paano makipag-usap ang iyong anak at ang mga dahilan bakit siya nakikipag-usap ay matutulungan ka na mabuo ang kanyang lakas at makapagturo ng ibang paraan ng pakikipag-usap.

Paano makipag-usap ang bata:

Nabanggit na namin na may ilang paraan ng pakikipag-usap gaya ng pagkilos (hal. pagtuturo,

pag-abot), mga salita at ekspresyon ng mukha. Narito ang ilang halimbawa ng paraan ng pakikipag-usap ng iyong anak:

- pagtingin sa, pag-abot ng, o pagturo sa isang bagay, aktibidad, tao o litrato
- hilahin ang tao palapit sa bagay
- lumapit sa bagay
- ekspresyong ng mukha
- tumitig sa mata
- paggaya ng tunog o kilos
- pagsalita
- pagsigaw o pagwawala
- pagpapakita ng asal gaya ng pagtakbo palayo, paghampas o pagkagat
- pagsensyas ng kamay (pag-mostra)

Maintindihan Paano at Bakit Nakikipag-usap ang Iyong Anak, karugtong

Maaaring gamitin ng iyong anak ang parehong paraan ng pakikipag-usap para sa iba't-ibang dahilan. Halimbawa, maaari siyang sumigaw kapag natutuwa o gustong iwasan na kumain.

Bakit nakikipag-usap ang bata:

Maraming dahilan bakit tayo nakikipag-usap sa isa't-isa. Ilan sa dahilan ng iyong anak ay:

- upang magtanong o para sa isang aktibidad
- upang maging komportable
- upang humingi ng impormasyon
- upang magprotesta (ipakita ang ayaw niya)
- upang bumati
- upang ibahagi ang interes
- upang ipaalam ang nararamdaman



Tulongan ang iyong anak na maintindihan ang wika

Ang unang pagkakatuto ng bata ay nagaganap sa pamagitan ng karanasan na may kinalaman sa nakikita, naririnig, nahahawakan, nalalasan, at naaamoy. Karaniwan ang mga bata ay naiintindihan ang maraming salita bago nila masabi ang kanilang unang salita. Ang pagbibigay sa iyong anak ng mga oportunidad na marinig ang parehong salita na kaugnay sa parehong sitwasyon nang paulit-ulit ay makakatulong na mangyari ang pagkaka-intindi.

Ang iyong anak ay maaaring tumingin sa, o abutin ang, isang bagay na pinangalanan mo bago niya masabi ang salita. Halimbawa, kapag sinabi mo na "gatas" sa iyong anak, titingnan niya ang kanyang bote dahil inuugnay niya ito sa salita. Ito ang nagpapakita ng pag-intindi niya sa salita.

Matutulungan mo ang iyong anak na maintindihan ka sa:

- Tumingin sa mukha ng anak kapag nakikipag- usap.
- Pagkilos, paggamit ng bagay, o litrato na may salita (hal. tapikin ang silya kapag sinasabi ng "Upo" upang klaruhin ano ang gusto mo na gawin niya).
- Pangalanan ang kanyang mga ginagawa o saan siya interesado (hal. sabihan "Nagpipinta si Jessica" habang ginagawa niya ito.
- Bigyan siya ng kaugnay na salita (hal. "Taas, taas" kapag nagtatayo ng gusali ang iyong anak gamit ang mga bloke).
- Mabagal na pagsasalita at malinaw na pagsasalita (hal. "Ilagay ang mata" kapag ikaw o ang iyong anak ay inilagay ang mata sa laruan na Ulo ng Patatas).
- Ipagdiinan ang kahalaaghan ng mga salitang (hal. "gusto ng dyus").
- Pagsasabi sa kanya ano ang nasa paligid (hal. sabihin "bus" kapag nakatingin sa dumaraang bus).

Tulongan ang iyong anak na makipag-usap

Sa oras na nakapagsasalita na ang bata, maaaring gayahin niya ang sinasabi mo o sabihin ito nang mag-isa. Sa una, ang kanyang pagbigkas (ang pagsasabi niya ng salita ay maaaring mali). Tandaan na may katagalan na matutong makipag-usap at maaaring mahirap ito sa bata at sa magulang.

Matutulungan mo ang iyong anak na masabi ang nasasaloob:

Maintindihan Paano at Bakit Nakikipag-usap ang Iyong Anak, karugtong

- Bigyan siya ng oras na sumagot sa iyo – magtanong at maghintay nang sagot pagkatapos.
- Gayahin ang kanyang mga sinabi o kinilos.
- Sabihin ang kanyang sinalita (hal. kapag sinabi niya 'ah-ah" tinuturo ang nahulog, sabihin sa kanya "Nahulog").
- Hikayatin ang iyong anak na tapusin ang iyong sinabi (hal. " Ang mga gulong ng bus ay _____").
- Sumagot sa kanyang mga pagtangka na makipag-usap – magkomento sa kanyang sinabi.
- Maga-alok ng dyus (hal. “Gusto mo ba ng gatas o dyus?”).
- Magdagdag sa kung anong sinabi niya sa iyo (hal. kung sinabi niya na “aso”, sabihin mo “malaking aso”).